

Kung kayo ay ilegal na naninirahan sa bansang Hapon, ipinapayo naming sumuko na lamang kayo sa upisina ng imigrasyon. Kung kayo ay kusang susuko makakauwi kayong walang restriksyon ayon sa batas ng pagdedeporta.

Mga kailangan kung kusang susuko :

- 1 . Mga dokumento ng identifikasyon hal: pasaporte, police certificate, atbp. ay kailangan (kailangang mga orihinal na kopya), sa pagsuko sa upisina ng imigrasyon.
- 2 . Sa inyong pagpunta kukuhanan kayo ng litrato at fingerprints, at kayo ay iinterbiyuhin . Pagkatapos sasabihin sa inyo kung kailan ulit kayo dapat bumalik sa upisina at kung kailan kayo makakauwi sa sariling bansa.
- 3、 Kailangang bumili kayo ng airline ticket sa nakatakdang petsang inuutos ng upisina ng imigrasyon at kasama ang resibo nito ay dalahin ito sa upisina.
Tokyo Immigration Bureau 5-5-30, Kounan, Minato-ku, Tokyo-to : tel. 03-5796-7111
Sa una ninyong pagpunta maari kayong magtungo sa upisina mula 9 am maliban lamang sa araw ng Miyerkules, kung kayo ay bagong aplikante.
Yokohama Immigration Bureau 37-9, Yamashita-choka, Naka-ku, Yokohama, Kanagawa-ken: tel. 045-661-5113
Bukas mula Lunes hanggang Biernes. Mas maiging pumunta kayo sa umaga..

Ipinapayo namin sa mga over-stay na residente na kusa na silang sumuko!



BAGONG COLUMN
Magkuwentuhan tayo!
「Message Board」


Ito ay bagong column-[message board] corner. Ilalathala namin sa column na ito ang mga paksang kagaya ng tungkol sa inyong sariling wika, mga pagtatanong, pagpapakilala at iba pa. Ipadala ang inyong mga mensahe sa pamamagitan ng fax, telepono, e-mail o iba pa mang paraan.

<Contact address>

Fujimino International Cultural Exchange Center

Phone: 049-256-4290

FAX: 049-256-4291



Announcement
ng FICEC

Malapit na naman ang New Year Holidays . Ang center ay sarado mula Dec.29 Jan. 3, 2006.

Magbubukas ulit sa Jan. 4, 2006

Ang Japanese Class ay magsisimula Jan.5 (Huwebes), 2006. Ang klase ay gaganapin sa bagong center malapit sa Kamifukuoka station.

Advisory center ay bukas para sa mga banyagang residente di lamang dito sa ating area kundi kahit taga ibang bayan.

●Exclusive Line 049 - 269 - 6450

INFORMATION

Ano ang ibig sabihin ng “overstay”?

“Overstay” ang tawag sa mga banyagang nanatili sa bansang Hapon kahit na lumagpas na ang termino ng kanyang dapat na pananatili. Dalawang klase ang overstay :

Case 1 Illegal na pagpasok sa bansang Hapon

Ang mga banyagang pumasok sa bansang Hapon na may palsipikadong mga dokumento halip: pekeng pasaporte, pangalan, nasyonalidad atbp. Kasama din dito ang mga pumasok ng bansa na hindi dumaan sa bureau ng imigrasyon.

Case 2 Illegal na pananatili sa bansang Hapon

Mga banyagang pumasok sa bansang Hapon sa legal na pamamaraan subali't patuloy na naninirahan kahit lumagpas na ang ibinigay na termino ng pananatili.

Kung ang mga banyagang overstay ay mahuhuli, sila ay ikakaso sa korte at idedeporta.

Ang mga banyagang na-deporta o napauwi ay hindi makapasok ng bansang Hapon sa loob ng 5 taon ayon sa bagong batas ng imigrasyon. May usap-usapan na maari daw mapadali ang prohibisyon kung mag-aasawa ng Hapones. Subali't ito'y hindi patalagang sigurado kung totoo.

Kusang pagsuko sa imigrasyon

Ang mga illegal na residente o overstay ay hinuhuli at idine-deporta ayon sa Immigration Law na ipinataw mula February 18, 2000. Subalit kung kayo ay kusang susuko ay maari kayong makapasok ulit sa bansang Hapon pagkatapos ng 1 taon. Pag-isipan nating mabuti.



Lilipat ang center sa bagong tanggapan

Mula Dec. 16 ay lilipat na ang center sa Fujimino-shi

Ang bagong tanggapan ng center ay malalakad ng 5 minuto lamang mula Kamifukuoka Station. Matutuwa ang mga nag-aaral sa Japanese class pati na rin ang iba pang mga banyagang residente na pumupunta sa center. Tingnan lamang ang mapa sa kanang bahagi. (paunawa: walang parking space)
〒356-0004

5-4-25, Kamifukuoka, Fujimino-shi, Saitama

Phone: 049-256-4290

